

Pagpapalawak ng Apple Health Nobyembre 2023 webinar

Mga Madalas Itanong

Tingnan ang [fact sheet ng pagiging kwalipikado ng Pagpapalawak ng Apple Health](#) para sa overview ng programa. Ang sumusunod na FAQ ay sumasaklaw sa mga tanong na hindi nasagot nang live sa panahon ng webinar ng stakeholder noong Nobyembre 29, 2023 na nagbahagi ng overview ng pagiging kwalipikado, mga saklaw na serbisyo, at iba pang available na mga programa.

[Tingnan ang webinar](#) | [Mga slide ng Presentasyon](#)

Isalin na mga slide ng presentasyon: [Amharic](#) | [Arabic](#) | [Cambodian](#) | [Chinese](#) | [Russian](#) | [Spanish](#) | [Tagalog](#) | [Ukrainian](#) | [Vietnamese](#)

Pagpapalawak ng Apple Health

Paano mag-a-apply ang mga kliyente para sa pagsaklaw?

Mag-a-apply ba ang mga indibidwal na may edad 65 at mas matanda sa pamamagitan ng Washington Healthplanfinder o Washington Connection?

- **Mga indibidwal na edad 19-64:**
 - **Online:** Pumunta sa [Washington Healthplanfinder](#) - piliin ang "Mag-apply Ngayon" na button.
 - **Mobile app:** I-download ang [WAPlanfinder app](#) – piliin ang “magsign in” o “gumawa ng account”.
 - **Telepono:** Tawagan ang Sentro ng Suporta sa Kustomer ng Washington Healthplanfinder sa 1-855-923-4633.
 - **Papel:** Magsumite ng [Aplikasyon para sa pagsaklaw sa pangangalaga ng kalusugan \(18-001P\)](#).
 - **Sa personal:** Mga lokal na mapagkukunan, nang walang karagdagang gastos, ay makakatulong sa iyo na mag-apply para sa saklaw ng kalusugan.
 - [Lokal na tulong sa pagpapa-enroll](#)
- **Mga indibidwal na edad 65 at mas matanda:**
 - **Online:** Pumunta sa [Washington Connection](#) – piliin ang "Mag-apply Ngayon."
 - Matuto [kung paano mag-login sa Washington connection](#).
 - Matuto [kung paano kumpletuhin ang iyong pagsusuri sa pagiging kwalipikado](#) .
 - **Papel:** Magsumite ng [Aplikasyon para sa pagsaklaw ng may edad, bulag, may kapansanan/pangmatagalang pangangalaga \(HCA 18-005\)](#).
 - **Telepono:** Humiling ng aplikasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-877-501-2233.
 - **Sa personal:** Bisitahin ang iyong lokal na Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (Department of Social and Health Services) (DSHS) na opisina.
 - Para sa Matanda, Bulag, o May Kapansanan na pagsaklaw: [DSHS Opisina Ng Mga Serbisyo Sa Komunidad](#)
 - Para sa Mga Pangmatagalang Serbisyo at Suporta: [Opisina ng Mga Serbisyo sa Tahanan at Komunidad](#)

Gaano katagal mase-save ang impormasyon ng aplikasyon ng kliyente sa kanilang mga account?

Ang impormasyon ng aplikasyon ng kliyente ay mananatili sa mga system application nang permanente. Maaaring i-update ng mga aplikante ang kanilang impormasyon o gumawa ng mga pagbabago sa kanilang account anumang oras.

Kailan maaaring mag-apply ang mga tao para sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Maaaring mag-apply ang mga tao para sa Pagpapalawak ng Apple Health simula sa Tagsibol 2024. Ibabahagi ang eksaktong petsa sa [webpage ng Pagpapalawak ng Apple Health](#) sa sandaling ito ay available. Ang pinakamaagang petsa ng pagsisimula para sa pagsaklaw ay Hulyo 1, 2024.

Kailangan bang magsumite ng hiwalay na mga aplikasyon ang mga indibidwal na hindi kasado at walang dokumento magkasamang naninirahan kapag nag-a-apply para sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Ang mga indibidwal na hindi kasado at magkasamang naninirahan ay hindi kailangang nasa parehong aplikasyon at dapat magsumite ng kanilang sariling mga aplikasyon.

Maaaring mag-apply ang mga indibidwal na may-asawang magkasamang naninirahan sa parehong aplikasyon.

Impormasyong kailangan mo kapag nag-apply ka

Kailangan bang magbigay ng patunay ng kita ang mga kliyente kapag nag-a-apply para sa pagsaklaw?

Walang kinakailangang patunay ng kita sa paunang proseso ng aplikasyon. Maaaring makatanggap ang mga kliyente ng sulat na humihiling na magbigay ng patunay ng kita.

Paano dapat iulat ng mga pana-panahong manggagawa ang kanilang kita?

Kapag nag-apply ang mga indibidwal online sa pamamagitan ng Washington Healthplanfinder, humihingi ang system ng kita mula sa kasalukuyang buwan. Ang mga kliyenteng naka-enroll sa Pagpapalawak ng Apple Health ay kailangang mag-ulat kung magbabago ang kanilang buwanang kita, kung magbabago ito ng \$150 o higit pa at inaasahang tatagal ng higit sa isang buwan. Kung bumaba ang kita, maaari silang maging kwalipikado para sa higit pang savings.

Mayroong ilang mga paraan upang maiulat ng mga kustomer ang kita na nagbabago:

- Iulat ang average na buwanang kita. Kinukuha nito ang taunang kita ng kustomer at hinahati ito sa 12. Ito ang magiging average na buwanang kita.
- Iulat ng aktwal na kita para sa kasalukuyang buwan. Kung gagawin ito ng mga kustomer, maaari silang iulat ang bagong halaga ng kita kapag nagbago ito.

Kapag nag-uulat ng kita, ang mga aplikante ay dapat pumili ng paraan na iyon:

- Pina-maximize ang pagiging abot-kaya.
- Sinusuportahan ang pagpapatuloy ng pagsaklaw.
- Binabawasan ang kailangang baguhin ang ulat.

Pag-enroll

Alin sa mga Apple Health na plano ang iaalok sa mga kliyente ng Pagpapalawak ng Apple Health?

Inaalam pa kung gaano karaming mga plano ang makakasama sa bagong programang ito.

Ano ang petsa ng pagsisimula ng pag-enroll para sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Ang pinakamaagang petsa ng pagsisimula ng pag-enroll para sa Pagpapalawak ng Apple Health ay Hulyo 1, 2024. Pagkatapos ng Hulyo 1, 2024, ang mga kliyenteng naaprubahan para sa pagkakasakop ay mae-enroll sa unang araw ng buwan na sila ay nag-apply.

Mae-enroll ba ang lahat ng karapat-dapat at mag-a-apply para sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Nakatanggap ang Health Care Authority (Awtoridad sa Pangangala sa Kalusugan) (HCA) ng pondo para ipatupad ang Pagpapalawak ng Apple Health. Inaasahan ng HCA na lalampas sa mga available na lugar ang bilang ng mga karapat-dapat na indibidwal dahil sa limitadong badyet. Magkakaroon kami ng pagtatantya ng pag-enroll sa pagtatapos ng Enero.

Pagpapalawak ng Apple Health webinar FAQ
Na-update 1/24

Pagiging Karapat-dapat and pagpapatunay

Kailan at paano mo iverify ang kita para sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Magsasagawa ang HCA ng isang paparating na webinar ng pagiging karapat-dapat na magbabahagi ng impormasyon tungkol sa mga pagsusuri sa pagiging karapat-dapat sa post at ang proseso ng pag-verify ng kita.

Anong kita ang dapat isumite kung ang isang indibidwal ay nakatira sa isang sambahayang maraming tao?

Para sa mga indibidwal na edad 65 at mas matanda:

- Ang pagiging karapat-dapat ay ibabatay sa kita na matatanggap o kinikita ng indibidwal o ng kanilang asawa. Ang katayuan ng paghahain ng buwis ng isang indibidwal ay hindi isang kadahilanan ng pagiging karapat-dapat para sa mga indibidwal na edad 65 at mas matanda.

Para sa indibidwal na edad 19-64:

- Ang pagiging karapat-dapat ay batay sa impormasyon ng kita para sa lahat ng nasa hustong gulang at lahat ng mga menor de edad na may sapat na kita upang hilingin sa kanila na maghain ng pagbabalik ng buwis.

Maaari bang mag-apply para sa pagsaklaw ng mga indibidwal na walang kita?

Dapat iulat ng mga indibidwal ang kanilang kasalukuyang kita kapag nag-apply sila para sa paglakaw. Kung ang isang indibidwal ay walang kita sa oras ng aplikasyon, dapat silang mag-ulat ng zero na kita.

Paano mo kinakalkula ang kita para sa aplikasyon?

Walang mga pagbabagong ginagawa sa kung paano kasalukuyang iniulat o kinakalkula ang kita. Hihilingin ng online na aplikasyon ang mga uri ng kita at tutulungan kang kalkulahan ang iyong mga kita.

Magiging karapat-dapat ba para sa Pagpapalawak ng Apple Health ang mga tao na ipapakita ng batas?

Kasalukuyang karapat-dapat para sa pederal na subsidy ang mga taong naroroon ayon sa batas na hindi pa nakakatugon sa limang taong bar at hindi magiging karapat-dapat para sa Pagpapalawak ng Apple Health.

Sinasaklawang mga serbisyo

Anong mga serbisyo ang sasakupin sa ilalim ng Pagpapalawak ng Apple Health?

Saklaw ng Pagpapalawak ng Apple Health ang mga serbisyo sa kalusugan ng pisikal at pag-uugali, dental, hindi pang-emergency na transportasyong medikal, at mga serbisyo ng tagapagsalin. Hindi saklaw sa ilalim ng Pagpapalawak ng Apple Health ang mga pangmatagalang serbisyo at suporta.

Nasasaklaw ba ang mga serbisyo ng Health Home sa ilalim ng Pagsasaklaw ng Apple Health?

Hindi saklaw sa ilalim ng Pagpapalawak ng Apple Health ang mga serbisyo ng Health Home. Ang koneksyon sa pangunahing pangangalaga at koordinasyon ng pangangalaga ay magiging available sa pamamagitan ng plano ng Pagpapalawak ng Apple Health na nagpa-enroll.

Outreach

Anong mga organisasyon na nakabase sa komunidad (community-based organizations) (CBO) ang nakikilahok sa outreach para sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Tingnan ang [Lead Organization Map](#) upang makakita ng listahan ng mga CBO na maaaring magbigay ng suporta sa mga potensyal na nagpa-enroll at maaaring lumahok sa outreach. Ang HCA ay dumadalo sa mga buwanan at quarterly na pagpupulong kasama ang mga stakeholder at kasosyo sa buong estado at magpapadala ng mga komunikasyon upang imbitahan ang mga CBO na lumahok sa outreach sa Tagsibol 2024.

Pagkapribado at proteksyon ng impormasyon ng kliyente

Paano poprotektahan ng HCA ang data ng katayuan ng imigrasyon at iba pang impormasyon ng pribadong kliyente?

Gagamitin ng Pagpapalawak ng Apple Health ang mga kasalukuyang pamantayan sa pagkapribado at proteksyon ng data ng Apple Health upang matiyak na mananatiling kumpidensyal ang pagkakakilanlan at impormasyon ng mga kliyente. Tingnan ang [paunawa ng mga kasanayan sa pagkapribado ng HCA](#) para sa higit pang impormasyon.

Nagbabahagi ba ang HCA ng anumang impormasyon ng kliyente sa ICE o anumang iba pang pederal o ahensyang nagpapatupad ng batas?

Hindi. Hindi ibinabahagi ng HCA ang impormasyon ng kliyente sa anumang ahensya ng imigrasyon, kabilang ang ICE o iba pang ahensyang pederal. Ang pagiging karapat-dapat para sa Pagpapalawak ng Apple Health ay hindi kasama sa [pagsubok sa pampublikong singil](#). Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa kung paano maaaring makaapekto ang isang aplikasyon para sa Pagpapalawak ng Apple Health sa iyong katayuan sa imigrasyon o mga pagkakataong maging permanenteng residente o mamamayan, kontakin ang isang abogado ng imigrasyon.

Pagsingil at paunang pahintulot

Magiiba ba ang mga pamamaraan sa pagsingil at paunang awtorisasyon para sa Pagpapalawak ng Apple Health kaysa sa iba pang mga programa sa Apple Health?

Gagamitin ng Pagpapalawak ng Apple Health ang kasalukuyang mga gabay sa pagsingil ng Apple Health at mga pamamaraan ng paunang awtorisasyon para sa lahat ng serbisyo, kabilang ang dental.

Direkta bang mapupunta ang mga claim sa Apple Health, sa halip na sa plano?

Ang lahat ng serbisyo ng Pagpapalawak ng Apple Health ay saklaw sa pamamagitan ng plano ng Apple Health. Walang direktang bayad-para-serbisyong pagpoproseso ng mga claim sa Apple Health para sa Pagpapalawak ng Apple Health.

Mga plano ng Apple Health

Ang mga kliyente ba na naka-enroll sa Apple Health Expansion ay awtomatikong ipapa-enroll sa isang plano ng Apple Health?

Maaaring piliin ng mga indibidwal na naka-enroll sa Pagpapalawak ng Apple Health na pumili mula sa mga available na plano ng Apple Health. Kung ang isang kliyente ay hindi pumili ng isang plano, isa ang pipiliin para sa kanila batay sa kanilang county.

Awtomatikong ipapa-enroll sa Pagpapalawak ng Apple Health ang mga nasa hustong gulang na naka-enroll sa Apple Health para sa Pagbubuntis na mga indibidwal, After-Pregnancy coverage (Pagsaklaw Pagkatapos ng Pagbubuntis) (APC), o Alien Emergency Medical (AEM) na pagsaklaw?

Ang mga kliyenteng naka-enroll sa AEM na pagsaklaw ay awtomatikong mapapa-enroll sa Pagpapalawak ng Apple Health.

Ang mga kliyenteng naka-enroll sa Apple Health para sa Buntis na mga indibidwal o APC ay mananatiling naka-enroll at hindi lilipat sa Pagpapalawak ng Apple Health.

Ano ang mangyayari kung ang isang kliyente ay mawalan ng pagiging karapat-dapat para sa Pagpapalawak ng Apple Health?

Kung winakasan ang saklaw ng kliyente, dadaan sila sa proseso ng muling pagpapasiya.

Mga serbisyo ng tagapagsalin

Paano ko maa-access ang Spanish na interpretasyon ng webinar?

Ang webinar ay binigyan ng mga live na closed caption (CC) sa English at Spanish. Mag-email sa ahexpansion@hca.wa.gov upang humiling ng kopya ng mga closed caption.